

DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-8

SACRAMENTO, CA 95814

TTY (916) 654-2054 (Para sa may Kapansanan sa Pandinig)

(916) 654-1954



Marso 2, 2020

SA: MGA DIREKTOR NA TAGAPAGPAGANAP NG SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: PAGPOPONDO UPANG SUPORTAHAN ANG PAGPAPATUPAD NG PROGRAMANG KALAYAANG MAGPASYA

Alinsunod sa Welfare and Institutions (W&I) Code section 4685.8(g), inilaan ang mga pondo sa mga sentrong panrehiyon upang suportahan ang pagpapatupad ng Programang Kalayaang Magpasya (Self-Determination Program o SDP). Layunin ng sulat na ito na magbigay ng patnubay sa paggamit ng mga pondong ito, kabilang ang kinakailangang pakikipagtulungan sa mga lokal na komite ng boluntaryong tagapayo (local volunteer advisory committees o LVAC) sa pagtukoy ng mga lokal na prayoridad para sa pagpopondo.

Tinutukoy ng W&I Code section 4685.8(g) na dapat gamitin ang pondong ito upang lubusin ang kakayahan ng mga kasali sa SDP upang pamahalaan ang kani-kanilang sariling buhay. Tinukoy ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services o DDS), sa pakikipagsanggunian sa mga stakeholder, ang mga prayoridad na larangan para sa pagpopondo kabilang ang:

- Pangangalap at pagsasanay ng mga independiyenteng facilitator;
- Magkasamang pagsasanay para sa mga kasali, pamilya, sentrong panrehiyon, miyembro ng LVAC at iba pa;
- Pagsuporta o pagsasanay sa paglipat sa SDP;
- Pagtulong sa paggastos sa pagbuo ng plano;
- Suporta sa oryentasyon na maaaring kabilang ang mga gastos para sa mga tagapagsalita/tagapagtanghal, at pagbuo ng pagbabago ng mga materyales; at
- Mga grupo/workshop ng pakikipagtulungan upang itaguyod ang nagpapatuloy, nakabahaging pag-aaral at mga pagkakataon sa paglutas ng problema.

May mahalagang tungkulin ang LVAC sa pagpapatupad at pangangasiwa ng SDP. Kaya, dapat magtulongan ang mga sentrong panrehiyon at mga LVAC upang unahin ang paggamit ng mga magagamit na pondo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kasali sa kanilang lokal na lugar. Maaari lang gastusin ang mga pondo matapos mapagkasunduan ang mga lokal na pangangailangan. Tingnan ang Kalakip 1 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga posibleng gamit ng mga pondo, ang halagang magagamit sa bawat lugar ng sentrong panrehiyon, at mga iminumungkahing hakbang upang tukuyin ang gamit ng mga pondo.

“Bumubuo ng mga Pakikipagtulungan, Sumusuporta sa mga Pagpipilian”

Mga Direktor na Tagapagpaganap ng Sentrong Panrehiyon
Marso 2, 2020
Pahina dalawa

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang orihinal ni:

JIM KNIGHT
Kinatawang Direktor
Sangay ng mga Programa ng Pederal

cc: Mga Tagapangasiwa ng Sentrong Panrehiyon
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Panrehiyon
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Sentrong Panrehiyon
Samahan ng mga Ahensya ng Sentrong Panrehiyon
Sanggunian ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Brian Winfield, DDS
LeeAnn Christian, DDS
Karyn Meyreles, DDS
Mike Sakamoto, DDS
Ernie Cruz, DDS

Kalakip 1

Pagpopondo upang Suportahan ang Pagpapatupad ng Programang Kalayaang Magpasya (SDP)

Gaya ng nakasaad sa sulat na kasama ng kalakip na ito, alinsunod sa Welfare and Institutions Code section 4685.8(g), magagamit ang pagpopondo upang suportahan ang pagpapatupad ng SDP. Inilalarawan sa ibaba ang mga posibleng gamit ng mga pondong ito at ang proseso upang gawin ang pagpapasya at gamitin ang mga pondong ito.

Hakbang	Paglalarawan
Mga Prayoridad na Larangan para sa Paggamit ng Pondo	<p>Kabilang sa mga prayoridad na lugar para sa pagpopondo ang:</p> <ul style="list-style-type: none">• Mga Pangangailangan ng Oryentasyon – Mga halaga ng pagbibigay ng oryentasyon kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagbabago/pagpi-print ng mga babasahin, mga gastos ng tagapagsalita/tagapagtanghal, mga gastos sa lugar ng pulong, pagsasalin/interpreter, atbp.• Pangangalap/Pagsasanay ng mga Independiyenteng Facilitator – Mga gastos na may kaugnayan sa pagdaragdag ng bilang ng mga magagamit na independiyenteng facilitator. Maaaring kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, pangangalap, pagbuo at/o pagbibigay ng pagsasanay, pagsasalin/mga interpreter, mga gastos na may kaugnayan sa pagbibigay ng pagsasanay, atbp.• Mga Grupo/Workshop ng Pakikipagtulungan – Mga nagpapatuloy at/o pana-panahong pulong para sa mga kasali at pamilya, provider, atbp., upang magbigay ng kaalaman at mga pagkakataon sa paglutas ng problema. Maaaring kabilang sa mga gastusin ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastos sa pagbiyahe ng mga tagapagsalita/tagapagtanghal, pagsasalin/mga interpreter, materyales, mga gastos sa lugar ng pulong, atbp. Maaaring sangkot dito ang pakikipagtulungan sa mga LVAC/kasali sa iba pang mga lugar upang mapataas ang saklaw ng pagkakataon para matuto/pagbabahagi ng impormasyon.• Magkasamang Pagsasanay – Pagsasanay para sa mga kasali, pamilya, tauhan ng sentrong panrehiyon at mga miyembro ng mga lokal na komite ng boluntaryong pagpapayo, atbp. Dapat magpokus ang mga magkasamang pagsasanay sa nakabahaging pagkakataon para matuto na nagpapataas sa pinagsama-samang pag-unawa ng lahat ng sangkot sa SDP. Maaaring kabilang sa mga gastusin ang, ngunit hindi limitado sa, pagbuo at/o pagbibigay ng pagsasanay pagsasalin/mga intpreter, mga gastusin na may kaugnayan sa pagbibigay ng pagsasanay, atbp.• Suporta/Pagtuturo para sa Paglipat sa SDP – Suporta sa mga kasali sa paglipat sa SDP. Maaaring kabilang dito ang suporta sa mga larangan tulad ng pagpapasya kung aling modelo ng serbisyong pamamahal ng pananalapi ang pinakamahusay na akma para sa kasali, mga mungkahi para sa pangangalap/pag-upa ng mga empleyado, paano magtatag ng backup na mga plano sa paglalagay ng tauhan, atbp.• Pagbuo ng Plano ng Unang Paggastos – Suporta sa pagbuo ng paggamit kasali ng kanilang indibidwal na budget sa pamamagitan ng kanilang plano ng paggastos, na maaaring kasama ang konsultasyon sa isang serbisyong pamamahala ng pananalapi.• Mga Karagdagang Natukoy na Pangangailangan – Mga item/aktibidad na susuporta sa mga pangangailangan ng mga kasali at pagpapatupad ng programa.

Kalakip 1

Tukuyin Kung Paano Gagamitin ang mga Pondo	<p>Dapat magkasamang tasahin ng LVAC at ng sentrong panrehiyon ang mga lokal na pangangailangan sa pagpapatupad ng SDP upang matukoy ang pinakamahusay na gamit ng mga magagamit na pondo. Batay sa magkasamang pagtatasang ito, dapat mabuo ang isang listahan ng mga prayoridad na larangan (nasa itaas) na popondohan, kabilang ang tinantiyang halaga na gagamitin para sa bawat napiling larangan. Hindi kailangan sa puntong ito ang detalyado at nakalistang pagtatantiya para sa bawat natukoy na larangan. Gayunman, maaaring makatulong ang talakayan ng ilang sa mga detalyadong gastusin na ito sa pagbibigay-kaalaman sa tantiya.</p> <p>Sa sandaling magawa ang kasunduan tungkol sa gamit ng mga pondo, dapat magkasamang iulat ng LVAC at sentrong panrehiyon ang sumusunod sa sdp@dds.ca.gov:</p> <ul style="list-style-type: none">• Listahan ng mga prayoridad na larangan na popondohan;• Tinantiyang mga halaga ng papopondong inilaan sa bawat prayoridad na larangan; at,• Maikling paglalarawan kung paano ginawa ang mga desisyon. <p>Maaaring gawin ang mga pagbabago sa isang nagpapatuloy na batayan habang nagbabago ang mga pangangailangan ng mga kasali. Gayunman, dapat magpatuloy na manatiling nakaayon sa batas at sa patnubay na ito ang paggamit ng mga pondo at dapat gawin ng LVAC at sentrong panrehiyon ang mga desisyon sa anumang pagbabago nang magkasama.</p>
Daloy ng mga Pondo	<p>Inilaan sa bawat sentrong panrehiyon ang mga halaga ng pagpopondo na tinukoy sa susunod na pahina. Tulad ng nabanggit dati, dapat magkasamang gawin ng LVAC at sentrong panrehiyon ang mga desisyon sa paggamit ng mga pondong ito. Kasunod nito, babayaran ng mga sentrong panrehiyon ang mga indibidwal/organisasyon para sa pagbibigay ng mga serbisyo. Dapat gastusin sa Marso 2022 ang mga naieresbang pondo noong Hunyo 30, 2020.</p>

Kalakip 1

Ang pamamahagi ng pagpopondo ay proporsyonal sa bilang ng mga magagamit na espasyo ng SDP sa bawat sentrong panrehiyon.

Suportang Pagpopondo para sa Kasali sa SDP – Piskal na Taon 2019/2020 *		
Sentrong Panrehiyon	Mga Espasyo ng SDP sa Bawat Sentrong Panrehiyon	Magagamit na Pagpopondo
ACRC	179	\$106,870
CVRC	140	\$83,585
ELARC	110	\$65,674
FDLRC	73	\$43,584
FNRC	60	\$35,822
GGRC	68	\$40,599
HRC	99	\$59,107
IRC	256	\$152,839
KRC	95	\$56,719
NBRC	66	\$39,404
NLACRC	183	\$109,258
RCEB	154	\$91,944
RCOC	151	\$90,153
RCRC	55	\$32,837
SARC	125	\$74,630
SCLARC	110	\$65,674
SDRC	207	\$123,587
SG/PRC	95	\$56,719
TCRC	110	\$65,674
VMRC	100	\$59,704
WRC	64	\$38,210
KABUUAN	2,500	\$1,492,593

* Dapat gastusin sa Marso 2022 ang mga naireserbang pondo noong 6/30/20.